# Ang Kusog San Rebolusyon



Enero - Hunyo 2023
Taon XX. Isyu Blg. 1

PAHAYAGAN SAN REBOLUSYONG MASBATENYO - REHIYONG BIKOL


## Isulong sa mas malawak na antas ang rebolusyonaryong pakikibaka para sa lupa sa harap ng tumitinding atakeng neoliberal sa Masbate



Kinakaharap ng masang Masbatenyo ang papatinding atakeng neoliberal sa ilalim ng rehimeng US-Marcos-Duterte. Kinatatangian ang atakeng neoliberal na ito ng pagpapahintulot sa imperyalistang US kasabwat ang mga malalaking panginoong-maylupa at burgesya kumprador na malawakang agawin ang lupa, dambungin ang yamang-likas at wasakin ang kinabukasan ng prubinsya.

Sa harap nito, kailangan ng masang Masbatenyo at ng kanilang Bagong Hukbong Bayan na isulong sa mas malawak na antas ang rebolusyong agraryo sa prubinsya. Kailangang itaas ang kapasyahang lumaban at patuloy na itaguyod ang armadong paglaban bilang pangunahing armas sa pagwasak sa imperyalismo, burukrata-kapitalismo at pyudalismo sa bansa.

Sa pag-upo ng rehimeng US-Marcos-Duterte, lumakas ang loob ng mga malalaking panginoong maylupang rantsero at burgesya kumprador  kasabwat ang mga dayuhang kumpanya na pagtibayin ang pyudal at malapyudal na paghahari sa Masbate. Tinatangka

nilang agawin muli ang mga lupaing naipaglaban at ngayo'y binubungkal ng mga magsasaka. Kasabay nito, isinasaksak sa lalamunan ng prubinsya ang mga pakanang proyektong neoliberal tulad ng pagmimina, ekoturismo, pagrarantso at iba pang mapaminsalang proyekto.

Malaking salik sa pagbuwelo ng mga dambuhalang kapitalistang proyektong ito ay ang pakana ng mga Marcos at Duterte na ipailalim ang buong Masbate sa kontrarebolusyonaryong programang agraryo. Sa tabing ng iba't ibang pakana ng pamamahagi at reporma sa lupa, malawakang inaagaw ang kalupaan ng prubinsya, laluna sa ilalim ng pakanang Executive Order No. 75 ng rehimeng Marcos Jr (militaristang pamamahagi ng lupa).

Idinulot ng atakeng neoliberal ang paglala ng kawalan ng lupa sa Masbate. Araw-araw na dinaranas ng masa ang mga epekto nito sa anyo ng tumitinding krisis sa kanayunan, unti-unting pagpatay sa kabuhayan, malawakang kawalan ng hanapbuhay at mas masahol na pinsala ng mga kalamidad.

Damang-dama ng mga Masbatenyo ang patakaran ng walang prenong liberalisasyon sa importasyon sa walang tigil na pagtaas ng mga bilihin at pagkain sa kabila ng patuloy na pagbaba ng arawang kita ng pamilya. Nananatiling bagsak ang halaga ng mga produktong lokal sa harap ng higit dobleng pagtaas ng mga pangangailangan sa produksyon tulad ng abono, pestisidyo at feeds.

Hindi nakakabawi at lubog sa utang ang mga manggagawang-bukid at magsasaka, laluna sa palay at mais dahil sa mataas na gastos sa produksyon. Lalong lumaganap ang mapagsamantala ng komersyanteng pang-uusura sa anyo ng mga negosyo sa pautang at microfinance tulad ng CARD Bank at ASA. May mga napilitang maghanap ng trabaho sa mga sentrong syudad at lunsod na pinagtitiyagaan ang kakarampot na sahod.

Upang walang-hadlang na maipatupad ang atakeng neoliberal sa Masbate, desperadong adyenda ng US, ni Marcos at ng mga lokal na naghaharing-uri ang pagdurog sa rebolusyonaryong kilusang masa sa prubinsya. Ipinataw ang paghaharing militar at ilinulunsad ang isang gera kontra-magsasaka upang supilin ang paglaban at pagtatanggol ng masa para sa kanilang karapatan, lupa at kabuhayan.

Ang Kusog San Rebolusyon

Taon XX | Isyu Blng. 1 | Enero - Hunyo | 2023

Ang ***Ang Kusog*** ay ilinalabas sa pinagsamang lengwaheng Tagalog, Masbateño at Cebuano. Maaari itong i-download sa : **www.philippinerevolution.nu**

Tumatanggap ang Ang Kusog ng mga kontribusyon sa anyo ng artikulo at balita. Ineengganyo rin ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng pagbigay sa mga kasamang kumikilos sa inyong mga lugar saanmang bahagi rito sa ating prubinsya.

**NILALAMAN**

Editoryal: *Isulong sa mas malawak na antas ang rebolusyonaryong pakikibaka para sa lupa sa harap ng tumitinding atakeng neoliberal sa Masbate* 1

Lumalalang Kawalan ng Lupa sa Masbate 5

Neoliberalismo sa likod ng Atakeng Militar 8

Armadong pakikibaka sa Masbate: Mga hamon sa pagsulong 12

Mga abuso at paglabag sa karapatang-tao 15

Panunugis sa progresibo at demokratikong kilusan 17

Kusog Balita: Koordinadong mga TO sa unang hati ng taon 20

Punong himpilan ng batalyon, matagumpay na napaalis 21

Pagdiriwang sa anibersaryo ng BHB54 at NDF50 22

Kultura: 23

Tahasang nilalabag ng Armed Forces of the Philippines (AFP), Philippine National Police (PNP) at Civillian Auxilliary Forces and Geographical Unit (CAFGU) ang alituntunin sa digma at makataong batas. Armadong sinasalakay ang mga komunidad sa tabing ng Retooled Community Support Program (RSCP). Patuloy na binabantaan at tinatakot na papaslangin ang sinumang mangahas na ilantad ang kanilang pang-aabuso at paglabag sa karapatang tao. Walang patumanggang ginagamit na himpilan at pahingahan ng mga ito ang mga sentrong baryo, barangay hall at iba pang pampublikong pasilidad. Sa udyok ng militar, unti-unting nanunumbalik sa prubinsya ang mga nakawan at iba pang masasamang gawain tulad sa panahon ng diktadurang Marcos dahil na rin sa lumalalang krisis at gutom.

Kasabay nito'y unti-unting tinatadtad ng mga detachment ang prubinsya na magsisilbing tagabantay sa umano'y mga cleared barangay o free insurgency at iba pang mga pakanang proyekto. Itatayo sa bayan ng Uson ang bagong kampo ng berdugong 2nd Infantry Battalion - Phil. Army na pangunahing magbabantay sa pagpasok ng kumpanyang Filminera sa papalawakang lugar.

Pinatutunayan ng kasaysayan ng mamamayang Masbatenyo na tumpak ang pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka para sa lupa bilang susing batayan upang mapalahok sila sa digmang bayan. Sa pagsusulong ng rebolusyonaryong agraryo at masidhing pagsuporta sa armadong pakikibaka, napasakamay ng mga magsasaka sa prubinsya ang mga lupaing matagal nang ipinagkait at inagaw sa kanila ng mga panginoong maylupang haciendero at rantsero.

Ngayon, hamon sa mamamayang Masbatenyo at kanilang rebolusyonaryong kilusan na balik-aralan at panghawakan ang kanilang kasaysayan ng pakikibaka upang harapin ang mas konsentrado at mas matitinding atake ng kaaway sa kanilang lupa at buhay. Kailangan nilang pangibabawan ang takot at manindigan. Nararapat nilang ipaglaban ang karapatan at ipagtanggol ang kanilang lupa at kabuhayan.

> **“ Pinakakongkretong pagkakaisa ng Hukbo at masa ay ang paglahok at mas malalim na suporta ng masa sa armadong paglaban upang tuluyang mabigo ang opensibang militar ng AFP-PNP-CAFGU sa Masbate.**

Dapat nilang ilunsad ang mga pakikibakang anti-pyudal laban sa pang-aagaw ng lupa. Dapat nilang ilantad at tutulan ang huwad, militarista at kontrarebolusyonaryong repormang agraryo at lahat ng marahas at mapanlinlang na pakana upang isuko ng mga magsasaka ang kanilang karapatan at pagtatanggol sa lupa.

Makatwirang itulak ang mga kampanya laban sa iba pang pagsasamantalang malapyudal tulad ng pagpapataas ng presyo ng produktong agrikultural, pagpawi sa usura, pagpapababa ng presyo ng abono, pestisidyo at iba pang mabibigat na pasanin ng magsasaka at mangingisda. Dapat ding pagsumikapan ng mga yunit ng Hukbo at mga rebolusyonaryong organisasyong masa na bigyang-sigla at ibayong palawakin ang mga kampanya sa sama-samang produksyon tulad ng alayon o grupong tulungan bilang kagyat na pagtugon sa mga batayang pangangailangan ng masa tulad ng pagkain at pagharap sa banta ng El Niño.

Hindi makakasulong ang mga pakikibaka para sa lupa at kabuhayan kung hindi palalakasin ng masa ang kanilang anti-pasistang pakikibaka. Maging mapangahas na ilantad at labanan ang pang-aabuso, krimen at paglabag ng AFP-PNP-CAFGU sa alituntunin ng digma at internasyunal na makataong batas. Ikampanya ang

pagpapahinto sa militarisasyon sa mga paaralan at komunidad sa kanayunan man o kalunsuran. Ilantad ang pangtatatak o pangre-redtag sa mga sibilyan bilang mga komunista. Itulak ang pagpapabasura sa Anti-terror Law (ATL) na nagbibigay pahintulot sa militar at pulis upang ipataw ang batas militar sa prubinsya.

Iugnay ang anti-pyudal at anti-pasistang mga pakikibaka sa patuloy na imperyalistang pandarambong. Tutulan at palayasin ang mga mapaminsalang proyekto ng pagmimina, ekoturismo, pagrarantso at iba pang pakana upang dambungin ang yaman at rekurso ng prubinsya.

Pinakamahalaga ang mahigpit na pagsuporta at paglahok ng masa sa armadong pakikibakang ilinulunsad ng Bagong Hukbing Bayan. Sentral nitong layunin ang maibagsak ang umiiral na sistemang malakolonyal at malapyudal sa bansa na pilit pinanatili ng imperyalistang US at mga lokal na reaksyonaryo at siyang sumasakmal sa ekonomya ng Masbate at ng buong bansa. Layunin din ng armadong pakikibaka ang itaguyod at pangalagaan ang kaligtasan, kabuhayan at lupa ng masang Masbatenyo.

Panata ng Partido Komunista at ng Hukbo na itaas ang kapasyahan ng mamamayang lumaban. Malawakang mumulatin, organisahin at pakilusin ang mga magsasaka, mangingisda, manggagawang-bukid, kabataan, guro at lahat ng progresibong sektor sa pagsusulong ng digmang bayan. Katuwang ang mga magsasaka, magpupunyagi ang rebolusyonaryong kilusan na isulong ang rebolusyong agraryo sa harap ng tumitinding karahasan at malawakang pang-aagaw ng lupa sa prubinsya.

Magpupursige rin ang kilusan na muling pasiglahin ang mga pakikibakang masa sa kanayunan at kalunsuran, palakasin ang mga samahan at organisasyong masa at magtayo o lalong patatagin ang mga dati nang nakatayong mga binhi ng Pulang gubyerno.

Panata din ng Hukbo na paigtingin ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa berdugo, pasista at teroristang AFP-PNP-CAFGU. Kailangang targetin ng mga aksyong gerilya ang mga mapangwasak na mina, ekoturismo, planta at iba pang pakana ng mga malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa na umaagaw sa lupa at kabuhayan ng masang Masbatenyo. Dapat silang papanagutin at pagbayarin nang mahal.

Kailangang pagdaanan ng mamamayang Masbatenyo at ng kanilang rebolusyonaryong kilusan ang mapait at masalimuot na pang-aatake ng kaaway. Araw-araw nilang kailangang pagdusahan ang lumulubhang krisis na nagkakait sa kanilang mabuhay. Sa tumitinding pang-aapi at pagsasamantala, ibayo silang mamumulat sa pangangailangang lumaban at armadong makibaka.

Sa pagtatagumpay ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, maitatayo ang demokratikong gubyerno ng mamamayan at mahahawan ang landas para sa sosyalistang kinabukasan. Dito tiyak na makakamit ng masa ang tunay na kalayaan, katiyakan sa kabuhayan at kaunlaran.#



## Lumalalang kawalan ng lupa sa Masbate

"*Saan na kami pupunta*?"

Matagal ng nagbubungkal ng lupa sa Rantso Pecson ang mag-asawang sina Pedring at Rosana. Pagtatanim ng palay, mais at kamote ang kanilang pangunahing ikinabubuhay. Kasama sila sa iba pang mga magsasaka na nakibaka para sa karapatan at pagtatanggol sa lupa mula pa sa mga naunang mga rantsero at haciendero na nagtangka at umagaw sa nasabing lupain.

Ngayon, wala nang magsasaka sa lupaing Pecson matapos tuluyang palayasin ng gubernador ng Masbate na si Antonio T. Kho ang mga magsasaka gamit ang karahasang militar. Maging ang mga kalapit na pribadong lupain ay isinabay sa pagbakod at may itinayo ng CAFGU - Army detachment malapit sa nasabing lupain.

Ang kalagayan nina Pedring, Rosana at mga magsasaka ng Pecson ay salamin sa kawalan ng lupa sa Masbate na nagbabantang lumala sa ilalim ng rehimeng Marcos - Duterte. Ang kontramagsasakang programang agraryo ay isa lamang sa mga paraan paano palalalain ang kawalan ng lupa sa prubinsya.

### Pangangamkam ng lupa para sa neoliberalismo


Para naman kay Nay Loling, hindi mawala ang pangamba sa posibleng eksplorasyon at ekspansyon ng Filminera sa kanilang lugar. Ayon sa kanya, "*damo an mawar-an sin pangabuhayan kag duta na maomhan kun ma-opereyt na ang mina didi sa amon lugar. Sigurado man magparahuradas na naman inang mga army didi sa amon kag panhadlukon naman an mga tawo. Amo ina na diri kami mapasugot.*"

Sa kasalukuyan, daan-daang pamilya pa ng magsasaka ang nadagdag sa mga Masbatenyong napalayas sa kanilang mga lupa upang bigyang-daan ang mga mapaminsalang operasyong kapitalista.

Pinangangambahan ng komunidad nina Nay Loling na matulad sa kalunus-lunos na sinapit ng mga bayan ng Aroroy at Baleno sa plano ng Filminera - Masbate Gold Project na magpalawak ng operasyon sa mga bulubunduking bahagi sa mga bayan ng Mobo, Milagros at Uson. Tinatayang higit 10,000 ektarya ng lupa ang saklaw ng iba't ibang kontrata ng Filminera sa pagmimina.

Sa halos dalawang dekadang operasyon sa Aroroy at Baleno, hinakot ng Filminera ang hindi bababa sa 63 toneladang ginto at kumita ng hindi bababa sa P130 bilyon.

Tuluy-tuloy ding itinataboy ng 1,800 ektaryang ekoturismong Masbate International Tourism Enterprise and Special Economic Zone ng kumpanyang Empark ang mga komunidad ng magsasaka at mangingisda sa mga bayan ng Dimasalang at Palanas. Sa bayan ng Uson din balak itayo ang walang pakinabang na paliparang internasyunal.



Wala ring preno ang pangangamkam ni Masbate Gov. Antonio T. Kho ng lupa upang makonsolida ang burukrata-kapitalista't panginoong maylupang paghahari nito sa prubinsya. Liban sa marahas na pagpapalayas sa mga magsasaka ng Pecson, agresibong kinakamkam ni Kho ang malalawak na lupain sa mga bayan ng Pio V. Corpuz, Placer at Cataingan para sa kanyang interes sa rantso, ekoturismo at pagmimina. Dinudumog ng operasyong militar ang naturang mga bayan upang takutin ang mga magsasaka at mapilitang ibenta ang kanilang lupa sa gubernador.

Ilandaang ektarya naman ng lupang agrikultural ang tinangay ng kumpanyang DMCI sa pagtatayo ng mga hybrid solar farms.

**Peke at huwad na repormang agraryo**

Taliwas sa posturang maka-magsasaka ni Bongbong Marcos Jr, ipinapatupad nito ang kontrarebolusyonaryo at kontra-magsasakang programang agraryo sa Masbate. Pinabibilis nito ang pag-agaw ng mga rantsero, lokal na naghaharing uri at dayuhang korporasyon sa lupa ng masang Masbatenyo.

Ipinapatupad sa Masbate ang pakanang Support to Parcelization of Individual Land Titling (SPLIT) at militaristang Executive Order No. 75 ni Bongbong Marcos Jr. Umaabot na umano sa 3,000 ektarya mula sa target na 9,000 ektaryang lupain ang naipamahagi sa ilalim ng naturang mga programa. Tuluy-tuloy pa ang kaliwa't kanang pagsarbey at balwasyon sa mga lupaing target ng gubyerno para pakanang repormang agraryo.


Sa aktwal, walang nagaganap na pamamahagi ng lupa sa ilalim ng SPLIT. Pinaparte-parte lamang bilang mga indibidwal na titulo ang mga lupang dati nang nagawaran ng gubyerno ng kolektibong titulo o CLOA.

Sa halip, pakay ng SPLIT na mabawi ang mga lupang napagtagumpayang maipaglaban ng kilusang magbubukid mula sa mga panginoong maylupang rantsero. Balak nitong palayasin ang mga benepisyaryong mga magsasaka at ipamahagi sa mga rebel returnee at pamilya ng mga retiradong militar at pulis ang mga lupain. Kabilang dito ang mga lupaing sinikwester ng gubyerno mula sa pamilya Marcos na matagal nang binubungkal ng mga magsasaka.

Pinalala lamang ng reaksyunaryong programang agraryo na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) ang pagkakait ng lupa sa mga magsasakang Masbatenyo. Sa Masbate, humantong ang CARP sa malawakang pagpapalit-gamit ng lupang agrikultural matapos itong tusong ideklara bilang mga pastuhan, timberland, public forest (kagubatan) upang maiiwas ang mga rantso na masaklaw ng programang agraryo. Sa ilalim ng batas, hindi maaaring ipamahagi sa magsasaka ang mga lupaing klasipikadong pastuhan. Sa katunayan, isa ang Masbate sa mga prubinsyang may pinakamababang distribusyon ng lupa maging sa ilalim ng reaksyunaryong CARP.

**Pananatili ng sistemang rantso bilang tuntungan ng pyudal na pagsasamantala**

Bagamat makabuluhan at malawak ang naabot na tagumpay ng rebolusyong agraryo sa prubinsya, isa pa rin ang Masbate sa mga prubinsyang nakararanas ng pinakamatinding kawalan ng lupa. Malaking dahilan nito ay ang pananatili ng kontrol ng mga panginoong maylupa at burgesya kumprador sa malalawak na lupaing agrikultural ng prubinsya.



Nananatili ang pagrarantso bilang pangunahing paraan ng lokal na naghaharing-uri upang mapanatili ang kontrol sa lupa. Higit kalahati ng 400 libong ektaryang lupain ng Masbate ay saklaw ng mga rantso. Pinagmamay-arian ang mga rantsong ito ng 150 pamilya lamang, kabilang ang mga kroni at bagong mga alagad ng pamilyang Marcos.

Upang mapanatili ang kontrol sa lupa, nakipagsabwatan ang mga panginoong maylupa sa mga malalaking burgesyang kumprador, mga dayuhang mamumuhunan at sa reaksyunaryong gubyerno sa iba't ibang pakana ng pagdambong sa lupa sa tabing ng rantso.

Sa aktwal, karamihan sa mga rantso ay inoopereyt bilang mga plantasyon ng niyog. Tuso ring ipinupuslit sa rantso ang mga operasyong mina, quarry, ekoturismo, planta ng kuryente at agribisnes. Halimbawa nito ay ang Hacienda Legarda na pinagtayuan ng 12-MW hybrid solar diesel plant ng kumpanyang DMCI Masbate Corporation.

**"*Karun hingpit namong nasabtan nga pinaagi sa pagpakusog sa amoang kalihukan nga mga mag-uuma, panaghiusa ug paghugpong ilabi na ang way puas nga pagsuporta sa armadong paligbisog maproteheran ang amoang panginabuhian og yuta.***

Nagamit rin ng mga rantsero at burgesya kumprador ang kapangyarihan upang makakuha ng impluwensya o tuwirang makahawak ng pusisyon sa reaksyunaryong gubyerno. Ginamit nila ito upang maprotektahan ang kanilang interes sa lupa. Patunay dito ang 37,600 ektarya ng lupaing publiko na ipinaupa ng gubyerno sa mga rantsero bilang mga pastuhan sa anyo ng mga pasture lease agreements. Isa sa mga ito ang lupaing Pecson.

**Pagbaklas sa mga bakod ng pagsasamantala**

Isang malaking aral sa mapait na karanasan nina Tay Pedring at ng mga magsasaka ng lupaing Pecson ang pangangailangang panatilihing matibay ang pagkakaisa at paninindigan ng mga magsasaka.

"*Sa unang higayon nga gitistingan pag-ilog sa gobernor ang yuta sa Pecson, nagkasabot mi nga mga mag-uuma na kinahanglan namong magkahiusa ug ipakigbisog ang amoang mga uma. Tungod sa among paghugpong, wa nagmadaugon sa pag-ilog sa yuta si Gobernor Kho,*" salaysay ni Tay Pedring.

"*Tinuod gyud na nakadepende sa amoang baruganan ang seguridad sa amoang yuta. Ginabantayan lang ni Gobernor nga kung mohuyang ang panaghiusa namong mga mag-uuma, hingpit niining ilugon ang maong yuta.*"

Higit sa lahat, lalo niyang naunawaan na ang kanilang pakikibaka para sa lupa ay hindi maiiwasang bahagi ng rebolusyonaryong digma. Namulat siyang tunay lamang nilang mapapasakamay ang lupa sa pagtatagumpay ng armadong rebolusyon.

"*Karun hingpit namong nasabtan nga pinaagi sa pagpakusog sa amoang kalihukan nga mga mag-uuma, panaghiusa ug paghugpong ilabi na ang way puas nga pagsuporta sa armadong paligbisog maproteheran ang amoang panginabuhian og yuta.*"

"*Maong karun bisan wa na mi sa Pecson, padayon mi nga naglihok, ginaorganisa ang amoang kaugalingon uban sa kapareho namo mga mag-uuma. Labaw sa tanan mas gipalig-on pa namo ang amoang pagsuporta sa rebolusyonaryong kalihukan. Dili mi mohunong hangtod sa mabalik sa kamot sa tanang mag-uuma ang yuta ug makab-ot ang kadaugon sa atoang rebolusyon*" , positibong pagtanaw ng matandang magsasaka.##

## Neoliberalismo sa likod ng walang kaparis na atakeng militar



Nakasalig sa matinding terorismo at armadong karahasan ng AFP-PNP-CAFGU ang pagpapatupad ng adyendang neoliberal sa Masbate. Sa ilalim ng rehimeng Marcos - Duterte, tinatangkang lunurin sa takot ang ang mas mapangwasak na atake sa lupa, kabuhayan at buhay ng mamamayang Masbatenyo.

**Pagdurog sa rebolusyonaryong kilusang masa**

Pangunahing niilalaman ng adyendang neoliberal sa Masbate ang pagdurog sa rebolusyonaryong kilusan. Sang-ayon ito sa mapanlinlang na islogan ng kaaway na maihahanda lamang umano ang prubinsya sa kaunlaran oras na mapahina o tuluyang mawala ang armadong pakikibaka (*conflict-manageable and ready for development*).

Subalit pinatutunayan ng karanasan ng mga Masbatenyo na ang kaunlarang nasa likod ng karahasang militar ay walang iba kundi ang walang hadlang na pagdambong ng imperyalista at lokal na naghaharing-uri sa matabang kalupaan at yamang-likas ng prubinsya.

Binasbasan ng Malacanang ang adyendang neoliberal na ito sa bisa ng kautusang ipaloob ang buong Masbate sa paghaharing militar at kontra-rebolusyonaryong programang agraryo.

Sa tabing ng kaunlaran at repormang agraryo, isinakatuparan ang atakeng neoliberal sa pamamagitan ng paglulunsad ng AFP-PNP-CAFGU ng pinatinding gera kontra magsasaka at opensibang militar laban sa kanilang Bagong Hukbong Bayan. Pakay ng kaaway na sindakin sa takot ang masa, durugin ang kanilang pagkakaisa, pagkilos at paglaban, ilayo sila sa armadong paglaban at itulak silang isuko ang pakikibaka para sa kanilang lupa at kabuhayan.

**Gera kontra magsasaka**

Kinatangian ang gera kontra magsasaka sa prubinsya ng brutal na kampanya ng teror at militarisasyon, laluna sa mga komunidad na pinag-iinteresang mapasakamay ng mga panginoong maylupa at malaking burgesyang kumprador kasabwat ang mga dayuhang kapitalista.

Isa sa mga mayor na layunin ng tuluy-tuloy na militarisasyon sa Masbate ay upang maagaw muli ang mga lupaing napagtagumpayang mabawi ng kilusang magsasaka mula sa mga rantsero at burgesya kumprador. Hindi tinatantanan ng malalaking operasyong militar ang ilang malalaking mga pastuhan tulad sa isla ng Ticao at Burias. Kabilang din dito ang ilang dating malalaking rantso sa bayan ng Cawayan at Milagros na nais maagaw muli ng mga rantserong sina Gov. Antonio T. Kho at mga Espinosa. Inakusahang nasa pangangasiwa ng rebolusyonaryong kilusan ang naturang mga lupain upang bigyang katwiran ang marahas na pagpapalayas sa mga magsasaka.

Mayor ding pakay ng kaaway ang pagpapalayas o pagnyutralisa sa mga komunidad na balak pagtayuan o pagpalawakan ng mga mapaminsalang kapitalistang operasyon. Isa sa mga unang pinasok ng militarisasyong Retooled Community Support Program ang mga baryong saklaw ng operasyon ng Filminera - Masbate Gold Project upang makabuwelo ito

sa pag-ubos sa yamang ginto ng prubinsya. Pinokusan din ng RCSP ang mga barangay na may mariing pagtutol sa malaking pakanang ekoturismo-casino-resort na Masbate International Tourism Enterprise and Special Economic Zone ng kumpanyang Empark. Pinuntirya din ng operasyong militar ang mga baryong balak pagtayuan ng mga planta ng kumpanyang DMCI.

Katakut-takot na mga pag-abuso at paglabag sa karapatan ang dinanas ng mga komunidad na apektado. Pinakamatinding anyo ng pag-atake ay ang pagpatay sa mga sibilyan sa ngalan ng proyekto. Isang matingkad na halimbawa sa ilalim ng rehimeng Marcos - Duterte ay ang kampanya ng pagpaslang sa mga magsasakang nagbubungkal sa mga lupaing pakay agawin ni Gov. Kho.

Naitala rin ang mga pag-atake sa mga tumututol sa ekspansyon ng Filminera - Masbate Gold Project. Kabilang dito ang tangkang pagpatay sa punong barangay ng Barag, bayan ng Mobo na sinundan ng pagpatay sa magsasakang si Randy Mahinay noong Hunyo.

Para maisustine ang atakeng neoliberal, idineploy sa prubinsya ang humigit-kumulang limang batalyong pwersa ng kaaway sa hindi bababa sa 50 ditatsment at kampo militar upang bantayan at protektahan ang mga lugar na kinatitirikan ng mga proyekto.

**Panlilinlang gamit ang pekeng kaunlaran at repormang agraryo**

Kaakibat ng armadong dahas, sinisilaw ang masa sa ilusyon ng kaunlaran at pekeng pamamahagi ng lupa. Ito ay upang pagtakpan ang mga pasistang krimen ng AFP-PNP-CAFGU at ang pinsalang hatid ng mga proyektong neoliberal sa kinabukasan ng mga Masbatenyo.

Bandera ng huwad na kaunlarang itinutulak ng militar ang programang pambaryo na Barangay Development Program. Ilinalako ng BDP ang pagbibigay ng mga proyektong pambarangay sa mga komunidad na wala na umanong impluwensya ng Hukbo.

Sang-ayon din sa deklarasyon ng nakaraang rehimeng Duterte at ng kasalukuyang rehimeng US-Marcos Jr., isa ang Masbate sa pokus ng agresibong pangangamkam ng lupa sa tabing ng kontrarebolusyonaryong pamamahagi nito.

Sa ilalim ng mga programang Support to Parcelization of Lands for Individual Titling o SPLIT at Executive Order No. 75, pakay ni Marcos Jr. na bawiin ang umano'y mga lupaing nakumpiska ng rebolusyonaryong kilusan.

**MILITARISASYON PARA SA INTERES NG NAGHAHARING-URI**

| | |
|---|---|
| Operasyon ng Filminera<br>FILMINERA RESOURCES CORPORATION<br>*saklaw: mga bayan ng Aroroy, Baleno, Milagros, Mobo at Uson* | ***mga nakapalibot na kampo***<br>Hedkwarters ng 96th Infantry Battalion<br>Hedkwarters ng 2nd Infantry Battalion<br>Sa Baleno: 6 na ditatsment (laking kumpanya)<br>Sa Aroroy: 11 ditatsment (laking dalawang kumpanya)<br>Sa Milagros: So. Crossing, Brgy. Hamorawon<br>Iba pa: CAFGU, pribadong pwersa at blue guards ng Filminera (humigit-kumulang 900 tauhan) |
| Ekoturismo (Empark)<br>EMPARK LAND DEVELOPMENT INC.<br>*saklaw: mga bayan ng Dimasalang, Palanas at Uson* | ***mga nakapalibot na kampo***<br>Hedkwarters ng 2nd Infantry Battalion<br>Charlie company, 2nd IBPA (Paguihaman)<br>Mga blule guards ng kumpanya |
| Mga planta ng DMCI<br>DMCI HOLDINGS INCORPORATED<br>*saklaw: mga bayan ng Cataingan, Pio V. Corpuz at Milagros* | ***mga nakapalibot na kampo***<br>Hedkwarters ng PNP 2nd Provincial Mobile Force Company<br>Ditatsment ng Alpha Company, 2nd IB-Phil. Army<br>Ditatsment ng 2nd PMFC (Brgy. Pawican)<br>Kampo sa Brgy. Estampar, bayan ng Cataingan<br>CAFGU ditatsment sa Brgy. Manlut-Od |
| Malawakang pang-aagaw ng lupa (Tony Kho at DAR)<br><br>*saklaw: mga bayan ng Cawayan, Cataingan, Pio V. Corpuz, Milagros, Dimasalang* | ***mga nakapalibot na kampo***<br>Charlie company, 2nd IBPA (Paguihaman)<br>Ditatsment ng Brgy. San Antonio, Milagros (Hacienda Yulo)<br>CAFGU ditatsment sa Brgy. Miabas (Palanas)<br>Ditatsment ng PNP 2nd PMFC sa Brgy. Madbad (Cawayan)<br>Ditatsment ng 2nd IBPA sa Brgy. Iraya (Cawayan)<br>ALSA MASA sa Dalipe at Panan-awan (Cawayan)<br>Kampo sa Brgy. Estampar (Cataingan) |

Sa Masbate, 9,576 ektarya ng lupang agrikultural ang pinangangambahang maagaw ng rehimeng Marcos Jr. mula sa mga mga magsasaka gamit ang SPLIT, pinakamalapad sa buong rehiyong Bikol. Batay sa mga namonitor na pagpapatupad nito, isinasama ng militar bilang mga benepisyaryo ang kanilang mga intel upang manmanan ang kilos ng mga magsasaka.

**Epekto sa masa**

Hindi kataka-takang kasabay ng pagtindi ng abuso at karahasang militar ang pagtindi ng neoliberal na atake sa lupa't kabuhayan. Sa panahon ng todong militarisasyon, walang kapantay ang naminang ginto ng Filminera. Signipikanteng bilang din ng masa ang napuwersang magbenta ng lupa sa kumpanyang Empark dahil sa panggigipit ng militar at sariling mga goons ng kumpanya. Marami na ring komunidad ang napalayas sa kanilang mga lupang binubungkal, tulad ng mga magbubukid sa lupaing Pecson at mga dating hacienda't rantso sa isla ng Ticao at Burias.

**Digmang bayan: daan sa tunay na kaunlaran**

"*Malayo sa sikmura*"

Malamig ang naging pagtanggap ng ilang mga komunidad sa bayan ng prubinsya sa idinidikdik na mga proyekto ng militar at ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict. Iginiit ng mga taumbaryo na malayo ang mga proyekto sa kanilang tunay na pangangailangan.

Matagumpay din ang ispontanyong pagkilos ng mga mamamayan sa Brgy. Bacolod upang paalisin ang punong himpilan ng 2nd Infantry Battalion Phil. Army.

Para kay Ka Jude, political instructor ng isang yunit ng Hukbo, senyales ito na lalo pang dapat magsumikap ang mga kasama na ibayong pasiglahin ang rebolusyonaryong paglaban ng masa.

Sa katunayan, isa sa mga ikinakampanya ng yunit na kinabibilangan ni Ka Jude ay ang pagpaalala sa masa, laluna sa mga kabataan, sa rebolusyonaryong kasaysayan ng prubinsya. Bahagi rin ng kanilang gawaing propaganda-edukasyon ang paglilinaw sa programa ng rebolusyonaryong kilusan laluna kumpara sa kontra-mamamayang programa ng rehimeng US-Marcos-Duterte.


> “
> ***Mula sa nakakaparalisang takot, marami sa masang aming napaliwanagan ang unti-unting nadagdagan ng kumpyansang kumilos muli...***

"*Ipinapasariwa namin sa kanila ang mga naabot na tagumpay ng masa dito sa prubinsya sa pagsusulong ng digmang bayan at kung bakit desperado itong tinatangkang agawin ng kaaway. Ipinapatanaw namin sa kanila na sa prubinsya, nasulyapan na ng masa ang mga binhi ng tunay na kaunlaran nang mapasakamay ng mga magsasaka ang lupa mula sa mga rantsero at sama-sama itong lininang.*

*Mula sa nakakaparalisang takot, marami sa masang aming napaliwanagan ang unti-unting nadagdagan ng kumpyansang kumilos muli,*" pagsaysay ni Ka Jude. At tulad sa kung papaanong naipundar ang mga tagumpay sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo at pagtatayo ng baseng masa sa pamamagitan ng armadong paglaban, lalong nagiging makabuluhan at kailangan ang pagsusulong ng armadong pakikibaka.

Sa katunayan, ang mga serye ng taktikal na opensibang ilinunsad ng Jose Rapsing Command - Bagong Hukbong Bayan Masbate sa unang kwarter ng taon ay bahagi ng kampanya sa pagpapanagot sa malalaking rantsero, mga kumpanya sa mina, ekoturismo at iba pang proyektong pumipinsala sa buhay at kabuhayan ng mga Masbatenyo.##

# *Mapa ng mga mapaminsalang proyekto at palibot na latag ng militar*



## Armadong pakikibaka sa Masbate: mga hamon sa pagsulong

Pursigidong isinulong ng BHB - Masbate ang armadong pakikibaka upang harapin ang sustenidong mga opensibang militar ng AFP-PNP-CAFGU sa prubinsya.

Mula Enero 2022 - Mayo 2023, nakapaglunsad ang BHB - Masbate ng kabuuhang 23 aksyong gerilya laban sa kaaway. Sa pangkalahatan, hindi bababa sa 44 ang napatay habang higit 40 rin ang sugatan sa naturang mga aksyon.

**Pagbulabog sa walang awat na atakeng militar**

Binasag ng mga taktikal na opensiba ng Pulang Hukbo ang ilusyong nagtatagumpay ang kampanya ng AFP-PNP-CAFGU na durugin ang rebolusyonaryong kilusang masa sa prubinsya. Sa halip, diniskaril ng mga armadong aksyon ng Hukbo ang nakapokus na operasyong militar ng kaaway.

Nagawang barahan ng karamihan sa mga yunit ng Hukbo ang bwelo ng opensiba ng kaaway. Bagamat nagtamo ng pinsala ang ilang mga yunit sa mga depensibang labanan, walang larangan o yunit ng Hukbo ang nadurog.

Tampok na kampanyang gerilya ay ang koordinadong serye ng mga taktikal na opensiba noong Marso-Abril na gumulo sa clearing operations para sa malawakang kampanya ng pekeng kaunlaran. Sa naturang mga TO, dalawampu ang napatay sa hanay ng kaaway.

Malaking pagbawi ito sa golpe-de-gulat na mga operasyong pokus noong unang bugso ng militarisasyon sa ilalim ng Retooled Community Support Program, kung saan kapwa nagulantang ang masa at maging ang Hukbo sa lawak at sinsin ng atakeng militar.



Naampatan ng mga armadong aksyon ng BHB ang pagdurugong dulot ng todong atake ng kaaway, laluna sa masa. Napanatili ng mga kasama ang inisyatiba at pleksibilidad upang patuloy na makapag-ugnay sa masa at maharap ang atake ng kaaway.

**Pagtatanggol sa masa**

Bigo rin ang kaaway na tuluyang wasakin ang suporta ng masa sa kabila ng matinding takot at teror na hatid ng ilang taong kampanya ng terorismong militar. Malaking salik dito ay ang sustenidong mga taktikal na opensiba ng Hukbo na nagbigay inspirasyon sa masa upang dahan-dahang kumprontahin ang nagpapatuloy na paghaharing militar sa prubinsya.

Nagsilbi ang armadong paglaban ng BHB - Masbate bilang dagdag lakas-loob at inspirasyon sa dahan-dahang pagbalik ng sigla ng partisipasyon ng masa sa armadong paglaban. Signipikanteng bilang ng mga ilinunsad na taktikal na opensiba ay sinuportahan at linahukan ng masa sa iba't ibang paraan, mula pag-look out, pagbibigay ng impormasyon hanggang aktwal na pagsabay ng masa sa mga aksyong militar. Maging ang mga elemento ng CAFGU ay nagbibigay ng impormasyon sa mga kasama.

**Mga hamon sa pagbawi at ibayong paglakas**

Bagamat magiting na naharap ng armadong rebolusyonaryong kilusan ang sustenidong kampanya ng pagsupil ng kaaway, kinakaharap nito ang mas matitinding hamon ng pagpreserba sa pwersa at ibayong pagpapalakas.

Para kay Ka Rolan, isa mga pangunahing dapat bantayan ay ang taktika ng kaaway sa matagalan at dahan-dahang pagpapahina sa rebolusyonaryong kilusang masa. "Dahan-dahan nilang pinahihina sa takot ang diwang palaban ng masa at ang kanilang pagkakaisa sang-ayon sa estratehiyang lasunin ang dagat, upang mahuli ang isda. Ang dagat ay ang malawak na masa, ang armadong rebolusyonaryong kilusan ang isda."

Aniya, upang labanan ang kampanya ng pagkubkob at pagsupil, una'y dapat mahigpit na panghawakan ng bawat kasama ang absolutong pamumuno ng Partido Komunista sa Bagong Hukbong Bayan. Sa puso ng prinsipyong ito ay ang pagtitiwala ng mga kasama sa kawastuhan ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan.

Iginiit ni Ka Joseph, kumander ng isang yunit, na marami pang dapat palakasin sa usapin ng armadong pakikibaka. Aniya, kailangang panghawakan ng bawat kasama ang pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa bilang linyang militar sa kasalukuyang yuhto ng estratehikong depensiba.

"Una, ang mahigpit na paghawak ng Hukbo sa disiplina at paggagap sa mas mahuhusay na manera sa taktikang gerilya. Sa minimum, dapat targetin ng bawat yunit ang hindi makapagtala ng depensibang labanan.

Ikalawa, ang pag-aaral at pagbasa sa manera ng kaaway kasabay ng mas agresibong paglulunsad ng mga pagsasanay militar at pampulitika upang itaas ang kakayahan ng Hukbo na lumaban. Kailangang maging mahusay ang mga yunit sa pagmaksimisa sa bawat oras anumang sitwasyon ang kanilang kinakaharap.

Ikatlo, ang paglulunsad ng mga taktikal na opensibang malinaw na nagsisilbi sa pagpapalakas ng pwersa at nagpapataas sa diwang palaban ng masa. Pinakamahalaga ay ang pagpapalitaw ng mas maraming armas at kagamitang militar sa anumang armadong aksyon.

> “ ***Kailangan nating magpapultaym ng mga mandirigma!*** *Kailangan nating pandayin ang kanilang katapatan sa rebolusyonaryong adhikain, ang kanilang makauring paninindigan at kapasyahang pagsilbihan ang masa.*

Ikaapat, ang pagpaparami at pagpapanday sa ating pwersa. Kailangan nating magpapultaym ng mga mandirigma! Kailangan nating pandayin ang kanilang katapatan sa rebolusyonaryong adhikain, ang kanilang makauring paninindigan at kapasyahang pagsilbihan ang masa. Kailangang mapahusay ang kanilang kakayahan sa lahatang-panig na gawain, mula gawaing militar, gawaing propaganda at gawaing masa."

Ayon naman kay Ka Sharon, susi sa muling pagsigla ng kilusang masa sa prubinsya ay ang malaganap na pagsusulong ng pakikibakang anti-pyudal at rebolusyong agraryo. "Maraming batayan para isulong ang mga pakikibakang anti-pyudal dito sa Masbate. Nariyan ang malawakang pang-aagaw ng lupa, agresibong ekspansyon ng mga mapaminsalang proyekto tulad ng pagmimina at turismo, mababang halaga ng produktong magsasaka, mababang sahod ng mga manggagawang bukid at napakataas na gastos sa produksyon."

Hindi dapat mawala sa mga plano ng Hukbo sa erya ang pagsusulong ng mga pakikibakang antipyudal. Upang matiyak ito, dapat maging aktibo ang mga kasama

sa pagsisiyasat at pagsusuri sa kalagayan ng mga uri at mga umiiral na antipyudal at malapyudal na pagsasamantala sa kanilang erya.

Iginiit ni Ka Joseph, isa sa mga namumunong kadre ng prubinsya, kagyat na tungkulin ang pangangailangang irekober ang masa. Kailangan ang pinakaepektibo at pinakamabibilis na mga paraan upang makaugat nang malawak at malalim sa masa. Importanteng maiahon ang masa mula sa malaganap na takot dahil ito lang ang paraan upang makabalik ang sigla ng kanilang pagkilos.

Aniya, kailangang bakahin ang pagkukulong ng Hukbo sa magugubat na bahagi na malayo sa populasyon. Kailangan ding bantayan ang kilos sibilyang nagreresulta sa pagluwag sa rebolusyonaryong disiplina at prinsipyo ng simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka. Dapat ding bakliin ang tendensyang rebeldeng lagalag na lumalabag sa prinsipyo ng solidong pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa.

Nakasalalay sa magiting na kampanyang gerilyang kontra-kubkob at paglipol ang pagharap sa kasalukuyang kampanya ng pagkubkob at paglipol ng kaaway. Para isakatuparan ito, kinakailangan ang diwang opensiba sa gawaing militar, pulitika at pagpapalawak upang magiting na makipagsabayan sa pukpukang pakikipaglaban sa kaaway.##



## Mga abuso at paglabag ng AFP-PNP-CAFGU sa pagtatapos ng unang taon ng rehimeng US-Marcos

Sa patuloy na pag-iral ng batas militar sa Masbate, walang habas na ginagamit na pananggalang ng Armed Forces of the Philippines (AFP), Philippine National Police (PNP) at Civillian Auxilliary Forces and Geographical Unit (CAFGU) ang mga sibilyan sa kanilang ilinulunsad (na) maruming gera. Gamit ang mapanlinlang na mga proyekto at mga programang pambarangay ilinulusot ng armadong pwersa ng gubyerno ang kanilang malawakang operasyon sa komunidad.


Sa kabuuhan, umaabot na sa ilampung libo ang biktima ng pang-aabuso at ekstrahudisyal na pamamaslang sa ilalim ng rehimeng US - Marcos Jr.

**Kampanyang pagpatay**

Apat na sibilyan ang naitalang pinatay ng AFP sa unang hati ng 2023. Tampok dito ang serye ng mga pagpatay noong ikatlong linggo ng Hunyo na kinabibilangan ng tangkang masaker sa limang magbubukid sa Brgy. Balantay, Dimasalang noong Hunyo 17. Namatay sa naturang pangyayari ang menor-de-edad na si Rey Belan samantalang sugatan ang kanyang kasamahan na si Panoy Pepito habang dinakip sina Wengweng Hagnaya, Edlang Tumangan at Damang Tumangan.

Nariyan din ang mga pagpatay sa mga sibilyang tumututol sa ekspansyon ng proyektong Filminera - Masbate Gold Project. Kabilang dito ang pamamaril-patay kay Randy Dionan Mahinay ng mga elemento ng militar noong Hunyo 21 sa So. Abanggan, Brgy. San Carlos, Milagros. Kritikal din ang naging kundisyon ng punong barangay na si Rodolfo Ygot sa Brgy. Barag, Mobo matapos ratratin ng mga militar ang bahay ng naturang biktima noong Hunyo 18. Si Ygot ay isa sa mga sibilyang upisyal na tutol sa ekspansyon ng Filminera.

Sa unang taon ng rehimeng Marcos, umabot sa labinlima (15) ang bilang ng mga napatay, isa sa pinakamarami sa buong bansa.



**Militarisasyon sa mga paaralan**

Ilampung libong estudyante at guro ang biktima ng malawakang militarisasyon sa mga eskwelahan ng Masbate sang-ayon sa tulak ni Sara Duterte at basbas ni Marcos Jr na maglagay ng presensyang militar sa mga paaralan.

Ginamit na sangkalan ang mga matagumpay na taktikal na opensiba ng Hukbo noong Marso upang bigyang katwiran ang pagsalakay at aktwal na panghihimasok sa mga paaralan.

Labis na trauma, pangamba at intimidasyon ang idinulot ng presensyang militar sa mga eskwelahan sa ilalim ng binuong Task Force Sagip ni Marcos Jr. Naging hudyat ng patakarang militarisasyon sa mga paraalan ng Masbate ang pagbisita ni Sara Duterte sa mga eskwelahan sa prubinsya.

Naiulat ang mga kaso ng pambabastos ng militar at pulis sa mga kababaihang estudyante at guro. Sa mga eskwelahang binisita ni Sara Duterte, tinangka ng militar na kuhain ang larawan at profile ng mga estudyante na siyang tinutulan ng mga guro.

Sa Brgy. Miabas, bayan ng Palanas, pinanghimasukan ng militar ang Miabas National High School upang sapilitang reklutahin ang mga estudyante na mag-CAFGU o mag-Army.

Dagdag pang takot ang idinulot ng pag-okupa ng militar sa mga kalsada, barangay hall, paaralan at iba pang pampublikong pasilidad laluna sa mga sentrong baryo. Nangangamba rin ang mga magulang sa pagtatayo nito ng mga grupo ng fraternity sa mga paaralan.

Matatandaang sangkot ang AFP-PNP-CAFGU sa pagsasamantala at pagpatay sa mga estudyante at guro, laluna ang mga kababaihan.

"*Hilabi na nga mabutang sa peligro ang kinabuhi og kaugmaon sa mga manunudlo og estudyante tungod sa mando ni Bongbong Marcos. Klaro pud kaayo nga suportado niya ang ginahimong pagsakyada sa mga Army og pulis sa mga tunghaan. "Sama sa iyang amahan, way pulos nga pagkapresidente! Parapatay tawo.*" galit na pahayag ni Teddy, isang guro sa hayskul.

**Panggigipit sa mga kaanak ng biktima**

Minanmanan ng mga militar at pulis ang kaanak at pamilya ng biktima na nagsampa ng kaso laban sa kanilang ahente. Upang iurong ang pagsampa ng kaso, tinakot ng mga pasistang militar at pulis ng mga kaanak ng biktima.

"*Ang hinungdan kas, ngaman kay hadlok nga mopablater o di gane kasuhan ang mga militar og pulis tungod ginabaharan man sa kaaway ang ilang mga igsuon o pamilya nga isunod sa ilang gipatay, ani Maring, isang kagawad sa barangay.*

**Iba pang masasahol na abusong militar**

Ginahasa at ninakawan ng isang elemento ng CAFGU ang biktimang si Baby Villantes Basas, 44-anyos, may asawa at mga anak sa Brgy. Buenasuerte, Palanas noong Pebrero 7, 2023 alas-10 ng umaga. Halos kasabay nito ang pagpaslang kay Diosdado "Bukoy" Arcipe, 52-anyos sa Brgy. Malibas, Palanas na nangyari rin sa kaparehong araw, bandang alas-2 ng hapon.

Naging kalakaran din ng militar ang pagbaling sa mga sibilyan upang pagtakpan ang mga nalalasap na kabiguan sa kamay ng Pulang Hukbo. Noong Marso 20, 2023, hinuli at ipinakulong ng 2nd Infantry Battalion - Phil. Army ang mag-asawang sina Leonardo Acaso Quiñonez at Merlyn Diaz Quiñonez sa So. Livestock, Brgy. Tubog, Cawayan. Inakusahan silang nagkanlong sa umano'y yunit ng Hukbo na bumigo sa operasyong strike ng militar sa Brgy. Villahermosa, Cawayan.

Makalipas ang isang linggo, Marso 28, alas-6 ng umaga, iligal na hinalughog at ninakaw ang selpon ng militar at pulis sa bahay nina

**MGA PAGLABAG SA KARAPATANG TAO SA MASBATE**
(Hunyo 2022 - Hulyo 2023)

**15** pampulitikang pamamaslang

**8** tangkang pagpatay

**29** iligal na mga pag-aresto at pagdakip

**15** iligal na panghihimasok, paghalughog at pagtangay sa ari-arian

**3** pagmolestya sa kababaihan

**17** gawa-gawang kaso

**8** arson, istraping at pambubugbog

**daan daan** pambabanta, pagharas at intimidasyon

**ilampung libo (6 na bayan)**
bata at guro na biktima ng militarisasyon sa mga eskwelahan

**libu-libo**
biktima ng pang-aagaw ng lupa

Pedro Asardo at Gloria Rico sa Brgy. Dumurog, Esperanza. Iligal ding pinanghimasukan ng mga militar ang isang kapilya sa naturang barangay habang nasa kalagitnaan ng pagtitipon ang mga residente kasama si Pastor Fredo Arrosaldo.

Noong Enero, iligal ding inaresto ang isang nagngangalang Ray Iniro sa Tanza, Cavite. Pinalabas siyang mataas na upisyal ng NPA sa Masbate.

Nangyari ang panghahalughog matapos ang matagumpay na pambubomba sa isang CAFGU - Army detachment sa Brgy. Manlut-Od, bayan ng Placer noong Marso 24, alas-onse ng gabi.

Kapansin-pansing kasabay ng tumitinding mga abusong militar ay ang higit pang paglaganap ng mga krimen. Sa mga baryong may nakatayong mga ditatsment, iniulat ng mga residente ang mas maraming kaso ng krimen tulad ng panunulis, pagnanakaw ng mga hayop pamproduksyon at paglipana ng iba pang anti-sosyal na aktibidad sa komunidad.

Pinaparatangan ng militar at pulis na tagasuporta ng NPA ang mga sibilyan. Ginagamit din ng mga ito ang Anti-Terror Law (ATL) upang gawing lehitimo ang kanilang mga paglabag sa internasyunal na makataong batas sa digma.##

## Panunugis sa progresibo at demokratikong kilusan

Liban sa malawakang okupasyong militar sa mga komunidad ng magsasaka sa kabukiran, pinuntirya din ng atakeng militar ang kilusang demokratiko at progresibong karaniwa'y nakabase sa mga laylayan, lunsod at sentrong bayan.

Layunin ng pagtugis sa kilusang masa sa kalunsuran ang putulin ang ugnay nito sa kilusang masa ng magsasaka na nakabase sa kanayunan. Malawakang ipinambala ang Anti-Terror Law at National Task Force to End Local Communist Armed Conflict para sa kampanyang ito.

### Atake sa mga lider at kasapi ng progresibong organisasyon

Una sa listahan ng mga tinarget ng atakeng militar ang mga aktibistang masa at kanilang progresibo at demokratikong mga organisasyon.

Pinuntirya ang mga lider-aktibista at lider-masa. Sinampahan ng gawa-gawang kaso ang lider-aktibistang si Enrique Tumampil ng Kilusang Magbubukid ng Masbate. Biktima rin ng panggigipit at Redtagging ang mga lider at koordineytor ng organisasyong Bagong Alyansang Makabayan - Masbate (BAYAN - Masbate), Alliance of Concerned Teachers Masbate (ACT Teachers - Masbate), KARAPATAN - Masbate at Ugnayan ng Mamamayan laban sa Pagmimina at Kumbersyong Agraryo (UMALPAS KA - Masbate).

Liban sa mga komunidad ng magsasaka, maging ang ibang sektor tulad ng mga propesyunal ay lantarang pinasurender. Isang halimbawa ang mga gurong kasapi ng ACT Teachers - Masbate na hinaras at pilit



pinasurender bilang umano'y mga suportador ng NPA.

Ilang mga samahang magsasaka naman ang tinangkang buwagin para walang makahadlang sa pagpasok ng mga malalaking neoliberal na proyekto. Halimbawa nito'y ang proyektong Masbate International Tourism Enterprise and Special Economic Zone kung saan iba't ibang panggigipit ang ginawa ng kumpanyang Empark sa mga organisasyong MANAFAS at CARIMBA.

Tahasan ding binuwag at sinupil ang ilang mga protesta at mobilisasyong masa. Sa isang kaso'y hinarang ang kilos-protesta at puwersahang pinasurender ang mga masang dumalo. Sa pamamagitan din ng makapal na presensyang militar, pinagbawalan ang mga progresibo at makabayang mga organisasyong masa na makapag-organisa sa mga komunidad, laluna sa mga kanayunang bahagi ng prubinsya.

> *Paano natin mapipigilan ang Filminera sa pagsira sa kapaligiran? Paano natin mapapalayas ang mga militar sa ating barangay? Paano natin mapapataas ang presyo ng kopra? Paano natin mapipigilan ang pangangamkam ng lupa? Paano natin maibibigay ang maaliwas na pamumuhay at magandang kinabukasan para sa ating mga anak?*
> **Walang ibang paraan kundi sa pakikibaka**

**Panggigipit at Redtagging sa mga suportador at alyado ng kilusang masa**

Malawakan ding iwinasiwas ang baraha ng anti-terorismo laban sa mga kaibigan sa pakikibaka, alyado at suportador ng kilusang masa. Karamihan sa kanila'y biktima ng panggigipit, intimidasyon at pambabanta.

Hindi pinalampas ang mga alagad ng simbahan at relihiyoso na isa sa mga pangunahing nagtataguyod ng karapatang tao sa prubinsya. Ilang mga paring kasapi ng demokratikong alyansang Masbate Alliance for Justice and Peace ang Rinedtag, kabilang ang isang pinagbantaan pa ng buhay. Pinagbawalan din ang mga simbahan na boluntaryong gamitin ang kanilang mga pasilidad bilang tipunan ng masa.

Lantaran ding linapastangan ang otoridad ng mga sibilyang upisyal at pinuno. Signipikanteng bilang ng mga alkalde, kasapi ng sangguniang bayan o prubinsya at mga board member na nagpahayag ng pagtutol sa militarisasyon, o pagkaalarma sa abusong militar ay lantarang inakusahang mga suportador ng NPA. Marami ang walang nagawa nang salakayin ng militarisasyon ang kanilang mga nasasakupan.

Sa hanay ng mga lokal na sibilyang gubyerno, naging pinakabulnerable ang mga upisyal ng barangay. Maraming kaso ng naitalang mga pampulitikang pagpatay at iba pang abusong militar ay kinabibilangan ng mga barangay officials.

Maging mga negosyanteng pinaghihinalaang kumikilala sa rebolusyonaryong gubyerno ay nabiktima ng pagmamanman at pinagbantaang kakasuhan ng terorismo sakaling mapatunayang sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan.

Biktima rin ng atake ang mga kagawad ng midya upang makontrol ng militar ang daloy ng impormasyon. Halimbawa nito ay ang pagpatay ng militar sa lokal na midyang si Ronnie Villamor upang magsilbing babala laluna sa mga Masbatenyong kagawad ng midya.

**Mga kinakailangang pagdaanang epekto sa kilusang masa**

Para kay Ka Aljun, isang organisador sa kilusang lihim sa syudad, hindi maitatanggi ang pansamantalang paghupa ng kilusang masa sa prubinsya. Aniya, kailangang matukoy ang mga panloob na kahinaan sa pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos sa masa na lalong lumitaw sa paghagupit ng matinding

pag-atake sa mga progresibo at makabayang mga organisasyon.

"*Humupa ang mga pakikibakang masa na sinamantala ng militar at ng mga malalaking kumpanya upang patindihin ang abusong militar at atake sa lupa at kabuhayan. Nahirapan kaming makatawid sa bukid upang pana-panahong magsuri sa kalagayan ng mga kasamahan nating magsasaka. Madalas ding nahuhuli sa pagtugon sa ilang mga batayang isyu at problema ng masa sa prubinsya.*"

Subalit para sa kanya, kinakailangang pagdaanan ng kilusang masa ang kasalukuyang mahirap na kalagayan upang ibayong mapanday sa pakikibaka. "*Natural at kailangan nating pagdusahan ang mas matinding pang-aapi at pagsasamantala. Dito lamang tayo matututong lumaban.*

*Ganito rin ang kilusang masa sa prubinsya. Sa ilinulunsad nating pakikibaka, tiyak ang pagtindi ng atake ng kaaway. May panahong marami sa atin ang matatakot na sumama sa mga protesta at pagkilos. Sa katunayan, ilang mga biktima ng abusong militar ang umatras na isiwalat ang kanilang karanasan o magsampa ng kaso dahil na rin sa takot. Marami sa atin ang pinanghihinaan ng loob dahil sa matinding panggigipit ng kaaway.*

*Subalit dahil din sa tumitinding krisis at pagdurusa, mas nauunawaan ng marami na lalong nagiging kailangan at agaran ang paglaban. Paano natin mapipigilan ang Filminera sa pagsira sa kapaligiran? Paano natin mapapalayas ang mga militar sa ating barangay? Paano natin mapapataas ang presyo ng kopra? Paano natin mapipigilan ang pangangamkam ng lupa? Paano natin maibibigay ang maaliwas na pamumuhay at magandang kinabukasan para sa ating mga anak? Walang ibang paraan kundi sa pakikibaka,*" paliwanag ni Ka Aljun.

Kaugnay nito, idiniin ni Ka Aljun na dapat mapagpasyang pangibabawan ng rebolusyonaryong kilusan ang mga hamon upang pasiglahin ang kilusang masang Masbatenyo.

"*Una, kailangan naming matapat na tasahin ang mga kahinaan at positibong karanasan sa pag-oorganisa at pagpapakilos. Kailangan ding higitan ang mga pagsisikap sa pagpropaganda at pagbibigay-edukasyon sa masa. Kailangang pag-aralan ang kasalukuyang sitwasyon at mga darating pang hamon at ibatay dito ang mga mabubuong hakbang sa paggagawaing masa dito sa kalunsuran.*"

*Batas ng digmaan ang mga pag-atras at pagsulong. Ang importante'y nakakakuha tayo ng mga aral at nagwawasto sa mga kahinaan upang magkamit ng mas maraming makabuluhang tagumpay,*" pagtitiyak ni Ka Aljun.



KUSOG BALITA

# Koordinadong mga taktikal na opensiba, ilinunsad ng BHB- Masbate sa unang hati ng taon

Sa unang hati ng taon, matagumpay na nakapaglunsad ang mga yunit ng Hukbo sa ilalim ng pamprubinsyang pamamatnugot ng Jose Rapsing Command - BHB Masbate ng mga aksyong gerilya laban sa tropa ng AFP - PNP - CAFGU.

Nailunsad ang isang koordinadong kampanyang gerilya na kinabibilangan ng siyam na taktikal na opensiba. Sa mga aksyong ito, 26 na berdugong tropa ang napaslang habang higit 10 ang sugatan.

Tampok sa kampanyang ito ang sunud-sunod na mga armadong aksyon mula ikatlong linggo hanggang huling bahagi ng Marso. Una rito ang kambal na operasyong haras sa mga tropa ng AFP at PNP sa Brgy. Gaid, Dimasalang at Brgy. Locso-an, Pacer noong Marso 22. Labing-apat (14) ang naitalang patay sa kaaway habang hindi bababa sa apat ang sugatan.

Sinundan ito ng matagumpay na pambubomba sa isang CAFGU - Army detachment sa Brgy. Manlut-Od, bayan ng Placer noong Marso 24, alas-onse ng gabi. Apat ang napatay sa pinagsamang mga CAFGU at Army.

Magiting ding hinarap ng Pulang Hukbo ang malakihang reaksyon ng kaaway na iniatas mismo ni Marcos Jr. at ni Sara Duterte. Kabilang dito ang nailunsad na operasyong demolisyon laban sa advance force ng binuong Task Force Sagip ni Bongbong Marcos na inatasang i-militarisa ang mga eskwelahan sa prubinsya. Naganap ang naturang operasyong demolisyon sa Brgy. Marcella, bayan ng Uson noong Marso 27, 9:30 ng gabi. Apat ang patay at isa ang sugatan sa hanay ng pulis sa naturang taktikal na opensiba.

Bahagi rin sa mga nailunsad na aksyon ang pagpataw ng rebolusyonaryong hustisya sa mga ahenteng militar at taksil ng mamamayang Masbatenyo. Kabilang dito ang hakbang pagtutuwid sa mga ahenteng militar sa mag-asawang sina Rina Verdida at Larry Quilantang, Ganga Dalanon at Glenn Masamoc noong Abril 14 sa bayan ng Milagros. Nakumpiska sa naturang mga aset ang isang armalite rifle. Pinarusahan naman ng yunit ng BHB noong Pebrero 1, alas-6:30 ng umaga sa Brgy. Libertad, Cawayan si Jomar Remulta. Impormer ng militar at may direktang kuntak si Remulta sa mamamatay-taong enforcer ng militar na si Brgy.Capt. Adriel Besana. Kabilang sa kanyang mga krimen ay ang pagpapakubkob sa isang yunit ng BHB na ikinamatay ni Dante “Ka Ramon” Arizala at isang sibilyan.

Noon namang Marso 20, sa Brgy. Villahermosa, sa bayan ng Cawayan, aktibong nakapagdepensa at ligtas na nakamaniobra ang isang yunit ng NPA laban sa operasyong strike ng 2nd Infantry Battalion - Phil. Army. Napatay sa bigong pagkubkob ang commanding officer ng strike team na si Cpl. Antonio Pareño Jr.

Dahil sa natamong malaking kabiguan at labis na takot, desperadong ginamit ng militar at pulis ang mga eskwelahan at komunidad bilang kanilang atrasan, human shield at cover. Naobliga rin ang punong terorista na si Marcos Jr na dagdagan ang pwersa ng kaaway sa Masbate upang



saklolohan ang mga tropa niyang bahag ang buntot.


Ayon kay Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng NPA - Masbate, ilinunsad ang mga naturang taktikal na opensiba bilang pagpapakita sa kahandaang lumaban ng mga Masbatenyo at panagutin ang kaaway sa walang kaparis na pang-aapi't pagsasamantalang ipinadanas nito.

Dagdag pa ng tagapagsalita, ang mga naturang aksyong gerilya ay bahagi ng kampanya upang parusahan ang teroristang AFP-PNP-CAFGU sa kanilang mga krimen at kamtin ang hustisya para sa mga biktima ng abusong militar. Babala rin aniya ang naturang mga aksyon sa rehimeng Marcos - Duterte at kasabwat na mga mandarambong tulad ng Filminera, Empark, mga malalaking rantsero't iba pang lokal na naghaharing-uri na itigil ang pang-aagaw ng lupa at pagdambong sa likas-yaman ng prubinsya.

"Pinatutunayan ng mga taktikal na opensibang ito na walang katuturan ang deklarasyon ng AFP-PNP-CAFGU na estratehikong tagumpay laban sa rebolusyonaryong kilusan," pahayag ni del Mar.##

## Punong himpilan ng batalyon, matagumpay na napaalis ng mamamayan ng Milagros

Dulot nang hindi na maatim na epekto sa kabuhayan at pangamba sa buhay, ispontanyong kumilos ang mga mamamayan sa bayan ng Milagros upang palayasin ang punong himpilan ng 2nd Infantry Battalion - Phil. Army na nakabase sa naturang bayan.




Ayon sa nakuhang ulat ng Jose Rapsing Command - BHB Masbate, nagtipon sa bulwagan ng munisipyo ang mga residente ng So. Baclay, Brgy. Bacolod sa Milagros at iba pang kanugnog na mga komunidad upang ipetisyon sa alkalde ng naturang bayan ang pagpapaalis sa kampo ng batalyon sa kanilang lugar. Irineklamo ng mga residente ang gambalang hatid ng kampo militar sa kanilang hanapbuhay at takot na idinudulot ng presensya ng militar. Dagdag nila, maraming pamilya ang nagkawatak-watak dahil sa militarisasyon.

Dulot nito, natulak ang naturang batalyon na lisanin ang lugar at maghanap ng lilipatan. Tinanggihan ng ilang mga barangay ang paglipat ng 2nd IBPA headquarters sa kanilang lugar bago pwersahing ipuwesto ang kanilang kampo sa Brgy. Panicijan sa bayan ng Uson.

Matagumpay ding nakapaglunsad noong Pebrero ang organisasyong KARAPATAN ng fact-finding sa ilang mga biktima ng abusong militar sa prubinsya.

Ayon kay Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng Jose Rapsing Command - Bagong Hukbong Bayan Masbate, nagsisilbing inspirasyon ang ipinamalas na katapangan at paninindigan ng mga mamamayan ng Brgy. Bacolod sa iba pang komunidad upang alisin ang takot at sama-samang harapin ang atakeng militar.

Aniya, pinatunayan ng mamamayan ng Milagros ang lakas at kapangyarihan ng nagkakaisang pagkilos ng masa, lalo kung ito'y organisado sa balangkas ng malawakang anti-pasistang pakikibaka.##

## Anibersaryo ng BHB at NDF ipinagdiriwang sa Masbate



***" Pumuluyong Masbatenyo, iduso sa mas hataas nga ang-ang ang armadong pakigbisog sa Masbate!"***

Sa kabila ng todo-todong atakeng militar at militarisasyon sa Masbate, matagumpay na ilinunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang pagdiriwang sa ika-54 na anibersaryo noong Marso 29 at ika-50 anibersaryo ng National Democratic Front.

Pinakamatingkad na ambag ng Pulang Hukbo sa prubinsya sa anibersaryo ng BHB at NDF ang paglulunsad ng mga aksyong gerilya sa ilang mga bayan mula ikatlo hanggang huling linggo ng Marso. Sa mga aksyong ito, 21 ang naitalang patay sa kaaway habang 12 ang sugatan.

Sa parehong anibersaryo, ilinunsad ang mga maliitang kampanya ng pagsabit ng mga streamer at pagpinta ng mga panawagan na nilahukan ng Hukbo at mga grupo ng kabataan sa lokalidad. Mayor na ipinanawagan ang pagpapaigting ng armadong pakikibaka ng BHB sa absolutong pamumuno ng Partido. Sa ika-50 anibersaryo ng NDF, ibinandera sa iba't ibang lugar ang 12-puntong programa.

Linaman din ng mga streamer at panawagan ang pagpapabagsak sa parasitikong imperyalismong US, burukrata kapitalismo at pyudalismo na salot sa buhay at kabuhayan ng masang Masbatenyo at buong sambayanang Pilipino.

Maraming yunit ang nagdiwang ng anibersaryo habang nasa matinding maniobrahan. Nailunsad nila ang mga pagdiriwang sa pamamagitan ng mga pag-aaral sa 12-puntong programa ng NDF at Espesyal na Kursong Masa sa Digmang Bayan.

Ikinagalak ng masang Masbatenyo ang naturang mga okasyon. Isa sa kanila si Nay Alice na kabilang sa mga masang sabik na makaugnay muli sa mga kasama.

"*May pipila sa amoa nga halos mutuo na sa ginaistorya sa Army nga wa nay NPA sa Masbate tungod wa na may mga bira ang kauban. Pero sa dinhang sunud-sunod ang pagsinigabong unya daghang napatay nga Army, pulis og CAFGU , nalipay gyud mi tungod nahatagan ug hustisya ang mga kaubanan namong mga mag-uuma nga ilang gipangpatay.*

*Naghatag ug kadasig sa amoa nga mga pumuluyo ang mga bira sa mga kauban tungod hibawo namo nga aduna pa ang mga kauban nga maoy tinuod nga nagapanalipod sa amoang pangibabuhian, yuta og kinabuhi batok sa mga naghawod nga hut-ong dinhe sa Masbate ug mga langyaw nga korporasyon*", sambit ni Nay Alice nang may kagalakan.###


# LUKSANG PARANGAL

*tula ni Pulang mandirigma ( mula sa Himagsik Kanlurang-Gitnang Luson,Tomo VII, Blg. 4, Marso 1980)*

Sa dibdib ng lupang natigmak sa dugo ng mga nasawi,
Sa bunton ng bawat kalansay at bungo ng mga pinili,
Sa mapulang aklat ng makasaysayang pakikitungali,
Ang inyong pangalan ay mananatiling ipinagbubunyi;
Kayo ay lalaging buhay sa gunita ng busabos ng uri,
Ng mga kasamang minsa'y nakasalo sa tuwa't pighati;
Kayo'y magsisilbing dangal nitong ating lahi
Na magpapaalab sa paghihimagsik ng tutubong binhi.

Nalulungkot kami ngayon iniisip ang inyong paglisan
Pagkat wala kayo't di na makapiling sa ating tagumpay;
Ang luhang madalas malaglag, sa tindi ng pakikiramay;
Sa sama ng loob, kung bakit sa mata'y nang sumungaw;
Lungkot at himagsik ng mga damdaming nagsasalimbayan,
Sa puso
ng bawat Pulang mandririgma, kadre't kasamahan;
Pigil ang hininga, kuyom ang kamao't nagtagis ang bagang
Larawan ng poot dahilan sa inyong maagang pagpanaw.

Ang maraming masa na mulat na ngayo't may pagkaunawa,
Sa diwa ng ating ipinaglalaban at ibinabandila,
Silang anakpawis na dati'y busabos at kaawa-awa,
Ngayon ay handa na't naghihintay na lang ng panahong takda;
Ang bulong ng api'y nagiging malakas na sigaw ng digma
Laban sa iilang mapang-aping uri sa lipunang luksa;
Pagkat tanto nilang tanging rebolusyon ang magpapalaya
Kapalit ng dugong didilig sa dibdib ng uhaw na lupa.



Masakit sa aming kayo ay mawala sa ating kilusan,
Pagkat alam namin ang inyong bahagi sa ating paglaban;
Kaya naman kami, bilang pagdakila sa inyong pangalan,
Ngayo'y nag-uukol sa inyo ng isang mapulang parangal,
Tuloy sinasabing ang inyong gunitang sa ami'y naiwan
Ay gagawin isang piling halimbawa sa paninindigan;
Kayo ang bayaning tunay na naglilingkod sa lupang hinirang,
Di tulad ng ibang mapang-api't gahaman.

Kami na naiwan ang magpapatuloy sa ating layunin,
Hanggang sa malagot ang kadenang bakal ng pagkaalipin,
Ang alyadong lakas ng nagkakaisang prente'y bubuklurin
Ng isang Partido na may kakayahang mamuno sa atin
Hanggang mayroon pang naghaharing uri sa lipunan natin
At hanggat ang bulok na sistemang ito'y umiiral pa rin,
Bagong Hukbong Bayan ang susugpo't kikitil
Sa lahat ng ugat ng ating pambansang problema't hilahil.

***Para kina Rufino Ka Caloy Alva, Samuel "Ka Marjon" Nuynay, Reneboy "Ka Jun" Barzaga, Jerome "Ka Mike" Sabang at Atrocinio "Ka Rey" Aton na namartir sa labanan sa Brgy. Guiom at kina Raymond "Ka Bert" Piañar, Julius "Ka Digbay" Duaño mula sa Brgy. Togoron, Monreal at Charity Anna "Ka Joy" B. Duaño na namartir kasama nina Wilma at Benito Tiamzon sa Samar.***

***Ikinararangal sila bilang mabubuting anak ng bayang Masbate***

# KABATAN-ONAN, SUMAMPA NA SA BAGONG HUKBONG BAYAN!

komposo ni Ka Feng

Intro:
Sa dihang wala pa ako sa kalihukan
akong nabatian
nga ang NPA kawatan
parapatay, og grabe kadaotan
ug mao'y nagdaog-daog sa katawhan

Butang sa katawhan
ila daw kining gipahimoslan
ug ilang ginganlan
terorista ang tanan nga nagsampa
sa kalihukan

Apan sa dihang ako nahigmata sa kamatuoran
akong nahibaw-an
nga ang NPA mao'y tigpanalipod sa mga kabos ug nilupigan
nagtabang arun mabawi ang butang
nga giilog sa mga anaa sa kagamhanan
NPA ang tigsugpo sa mga sagbot sa katilingban

Koro:
Busa ang tinuod nga Karapatan
sa kalihukan imong matagamtaman
sa kalihukan labaw pa sa pamilya
ang turingan
sa panahon sa kalisdanan
andam sila nga motabang
sa masa nga nanginahanglan
(ulitin ng dalawang beses)

Sila ang mga tawo na disiplinado
mga tawo na may respeto
mga lisod na trabaho
gipatigbabaw ang pagkapursigido

Mao'y nagsilbi nga modelo
arun burges na binuhatan
og panghuna-huna mabag-o
NPA ug masa pursigedo
sa pagbarog sa katilingbang sosyalismo

Busa panawagan sa kabatan-onan
tinuod nga katungod ipakigbisog ug panalipdan
arun makab-ot ang tinuod nga kagawasan
burges na naandan patigbabawan
ibarog ang gubyerno sa katawhan

Ulitin ang Koro:

***Busa kabatan-onan***
***sampa sa Bagong Hukbong Bayan!***

